

1) UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

ひらつかし のうぜいか ぜいきん のうふきげん し
平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa September 2 ang huling palugit ng ikalawang bahagi ng bayarin ng **MUNICIPAL TAX**. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa **TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769)**.

2) PAGPAPAALAM UKOL SA PAGSASANAY NG PAGSASAHIMPAPAWID NG J ALERT

J-アラートの試験放送のお知らせ
しけんほうそう し

Sa August 28 (Wednesday) ay gaganapin ang pagsasanay ng pagsasahimpapawid ng **J-ALERT** dito sa Hiratsuka City. Ang **J-ALERT** ay isang sistema na babalang alarma ng pagsasahimpapawid sa boung bansa kung may inaakalang pag-atake ng missile o may malaking sakunang magaganap. Ang oras ay mga 11:00 ng tanghali. Ipinapayong mag-ingat na huwag itong pagkamalang totoong **J-ALERT** na babala. Para sa iba pang katanungan ay tumawag lamang sa **RISK MANAGEMENT SECTION (KIKI KANRI KA)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-21-9863 (0463-21-9863)**.

3) UKOL SA MGA NAGPADALA SA POST OFFICE PAPUNTA SA IBANG BANSA

がいこくへゆうびんぶつをおく ちらせ
外国へ郵便物を送る方のお知らせ

March 1, 2024 ang mga ipinapadala sa Post Office papuntang ibang bansa ay hindi na gagamitin ang label na sulat kamay kung hindi ay idadaan na sa **"MY PAGE INTERNATIONAL POSTAL SERVICES"** at gagamitin ang ipinatutupad na label at ididikit sa inyong ipadadala.

4) INPORMASYON UKOL SA PAGPAPALAWIG NG DEADLINE NG STARLIGHT MONEY

「スターライトマネー」の期限延長のお知らせ
きげんえんちょうの ちらせ

Ang deadline ng paggamit, deadline ng pagcha-charge at deadline ng pagsasauli ng 3% na halagang ginamit sa **STARLIGHT MONEY** ay mapapalawig ng isang taon. Ang deadline sa bagong pagcha-charge ay naging hanggang sa isang taon ng January 31, ang deadline ng pagsasa-uli ay hanggang sa isang taon ng February 28 at ang deadline naman sa paggamit ay hanggang sa isang taon ng March 31. Subalit mula sa April 1, ay bababa ng hanggang 1% na lamang mula 3% ang maisasauling halaga. Maging maingat dahil maaaring magkaroon rin ng mga pagbabago sa mga affiliate store. Para sa mga katanungan ukol sa

bagay na ito ay tumawag lamang sa **SECRETARIAT OFFICE (JIMU KYOKU)** ng Hiratsuka City.
Telephone Number 0570-06-0505 (0570-06-0505).

5)LIBRENG ARAW NG PAGGAMIT NG GYM NG MIZUHO ELEMENTARY SCHOOL

みずほ^{しょうがっこうたいいくかん} 小学校^{まりようかいほう} 体育館^の 無料開放^{おしらせ}のお知らせ

Tuwing ikalawa at ikatlong Sabado ng buwan ay magagamit ng libre ang **GYMNASIUM (TAIKU KAN)** ng Mizuho Elementary School sa Kita Kaname. Dito ay maaaring makapaglaro ng Badminton, Table Tennis at Boccia. Ang oras ay mula 1:00 hanggang 4:00 ng hapon. At ang pagpapareserba dito ay hindi na kailangan. Magdala lamang ng inyong sapatos na panloob at mga kagamitan sa paglalaro.

Para sa mga katanungan ay tumawag lamang sa **SPORTS DIVISION** ng Hiratsuka City.
Telephone Number 0463-31-3060 (0463-31-3060).